

# Suportang kabayaran para sa pagpapasuri at pagbubukod

Kung nakatira ka sa NSW at kahit na banayad lamang ang iyong mga sintomas ng COVID-19, mangyaring magpasuri at magbukod ng sarili hanggang makatanggap ka ng negatibong resulta.

Maaaring marapat ka para sa suporta kung ikaw ay hindi makapagtrabaho habang naghihintay ng iyong resulta, o habang nag-aalaga ng isang taong nagbubukod ng sarili pagkatapos ng kaniyang pagsusuri.

## Ang kailangan mong malaman:

<p>Ano ang suportang kabayaran para sa Pagpapasuri at Pagbubukod?</p>	<p>May makukuhang \$320 na kabayaran minsan kada 30 araw para sa mga tao na hindi kumikita sa trabaho habang naghihintay para sa mga resulta ng pagsusuri para sa COVID-19. Kabilang dito ang:</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Ang mga manggagawa na may 17 taong gulang pataas na may mga sintomas ng COVID-19</li> <li>• Mga tagapag-alaga o mga guardian ng isang may mga sintomas ng COVID-19.</li> </ul>
<p>Hindi ka marapat kung ikaw ay:</p>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Makakapagtrabaho mula sa bahay o kumikita sa panahon ng pagbubukod ng sarili</li> <li>• May makukuha na bakasyon sa pagkakasakit (sick leave), bakasyon ng tagapag-alaga (carer’s leave) o natatanging bakasyon dahil sa pandemya (special pandemic leave)</li> <li>• Tumatanggap ng suportang kita mula sa pamahalaan kabilang ang COVID-19 Disaster Payment o Pandemic Leave Disaster Payment</li> <li>• Tumatanggap ng suportang pinansyal mula sa pamahalaan gaya ng micro-business grant o kabayang JobSaver</li> <li>• Inatasan ng NSW Health na magpasuri at magbukod (gayunpaman, maaaring marapat ka para sa COVID-19 Disaster Payment)</li> <li>• Mayroon lang rapid antigen na pagsusuri</li> <li>• Isang awtorisadong manggagawa at inatasan na magpasuri kada ikatlong araw.</li> </ul>
<p>Ang kailangan mo para makapag-aplay:</p>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Isang account ng MyServiceNSW – maaari kang lumikha nito kapag inumpisahan mo ang iyong aplikasyon</li> <li>• Mga detalye ng oras, petsa, at lugar ng iyong pagsusuri ng COVID-19 (kabilang ang numero ng sanggunian o reference number)</li> <li>• Isang dokumento na patunay ng pagkakakilanlan gaya ng iyong Lisensya sa pagmamaneho sa Australya o pasaporte</li> <li>• Patunay ng address gaya ng kasunduan sa pangungupahan o singil sa kuryente o tubig (utility bill)</li> <li>• Patunay ng pagtatrabaho o sariling pagtatrabaho (self-employment) gaya ng payslip, kontrata o liham mula sa tagapag-empleyo</li> <li>• Mga detalye ng iyong account sa bangko para sa kabayaran.</li> </ul>
<p>Kailan mo makukuha ang iyong kabayaran?</p>	<p>Ang mga marapat na mangagagawa ay babayaran ng \$320 sa kanilang account sa bangko sa loob ng tatlong araw ng opisina ng kanilang aplikasyon. Dapat kang mag-aplay sa loob ng pitong araw ng pagpapasuri para sa COVID-19.</p>
<p>Paano ka mag-aaplay?</p>	<p>Upang mag-aplay at para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang <a href="https://service.nsw.gov.au">service.nsw.gov.au</a></p> <p>Kung kailangan mo ng tulong ng interpreter, mangyaring tawagan ang National Translating and Interpreting Service sa 131 450, at hilingan silang makipag-ugnay sa Service NSW.</p>